DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE - CAR
RECEIVED
AUG 05 2025
BY: TIME 8:08

Agosto 4, 2025

Panrehiyong Memorandum
Bilang 556 . 2025

**PAGRIDIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa: Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Lahat ng Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipagdiriwang tuwing Agosto 1 hanggang 31 ng bawat taon. Sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang tema sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ay **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."**

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

3. Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| 3–9 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| 10–16 Agosto | Wikang Pangkasarian |
| 17–23 Agosto | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan |
| 24–30 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

4.

4. Hinihikayat ang lahat ng Dibisyon at Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon-Cordillera Administrative Region na makibahagi sa pagdiriwang sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa mga pulong, patuntunan, at ibang opisyal na gawain sa buong buwan ng Agosto. Inaasahan na magkaroon ng gawaing naaayon lamang sa kanilang preperensya at lokal na konteksto. Hindi pahihintulutan ang magarbong paggastos, paniningil sa mga mag-aaaral o pag-abono ng mga guro sa mga aktibidad na may kaugnayan sa selebrasyon.

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa **DepEd Order (DO) No. 9 s. 2005** *(Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi makaaabala ng regular na klase.

6. Maaaring magamit na pondo sa mga gawaing may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ang lokal na pondo, pondo ng organisasyon, pondo ng PTA, at iba pang pondo kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ESTELA P. LEON-CARIÑO, EdD, CESO III**
Director IV/Regional Director

CLMD/JPA/ray/Buwan ng Wika 2025
08/04/2025